# Mga Katunayan ng Food Stamp

Ang programa ng food stamp ay tumutulong sa mga taong mababa ang kinikita para makabili ng pagkain. Kahit na ito ay isang programang federal ng pamahalaan, pinatatakbo ito ng state o ng mga lokal na ahensiya.

## Sino ang makakakuha ng food stamps?

Kahit na sino ay maaari para mag-apply sa food stamps. Para makakuha ng food stamps, ikaw at ang ibang tao sa iyong kabahayan ay dapat tumupad sa ilang batayan. Lahat ng taong nag-a-apply sa loob ng iyong tahanan ay dapat mayroon na o mag-a-apply para sa numero ng Social Security at kailangang siya ay mamamayan ng U.S., U.S. national (ipinanganak sa teritoryo ng U.S.) o mayroong katayuan bilang karapat-dapat na dayuhan. Ang mga sumusunod na dayuhang dapat may karapatang makatanggap ng food stamps ng walang ipaghihintay na panahon ay:

- Mga legal na batang dayuhan na wala pa sa edad na 18 taong gulang;
- Mga legal na dayuhang bulag o may kapansanan na tumatanggap na ng mga benepisyo o tulong para sa may kapansanan;
- Mga sinumang legal na taong naninirahan sa U.S. noong ika 22 ng Agosto 1996, at sila ay nagka edad ng 65 taong gulang o mas matanda pa rito ng ika 22 nuong Agosto 1996;
- Mga sinumang dayuhang may legal na pahintulot na may katungkulang masugid na kagawad o mga beterano ng sandatahang lakas ng U.S. o asawa o anak ng beterano o may pinaglingkurang katungkulang masugid na kagawad;
- Mga refugee na tinanggap sa ilalim ng section 207 ng Immigration at Nationality Act (INA);
- Mga asylee sa ilalim ng section 208 ng INA;
- Mga deportees o removal withheld sa ilalim ng section 234(h) o 241(b)(3) ng INA;
- Mga pinapasok na Cuban o Haitian sa ilalim ng section 501(e) ng Refugee Education Assistance Act ng 1980;
- Mga dayuhang Amerasian sa ilalim ng section 584 ng Foreign Operations, Export Financing at Related Programs Appropriations Act ng 1988.

Ang mga sumusunod na legal na dayuhan ay mapipili ng walang panahong ipaghihintay kahit na sila ay walang karapatang dayuhan:

- Mga miyembro ng tribong Hmong o Highland Laotian (kabilang ang kanilang mga asawa at mga anak) na tumulong sa military ng U.S. nuong kapanahunan ng Vietnam;
- Mga American Indian na ipinanganak sa Canada;
- Miyembro ng mga tribo ng Indian sa ilalim ng section 450b(e) ng Indian Self-Determination and Education Assistance Act.

Ang mga sumusunod na may karapatang dayuhang karapat-dapat ay mapipili kung sila ay tumira ng limang taon sa U.S. na may angkop na katayuang:

- Mga legal na may pahintulot (maaari silang maging karapat-dapat ng mas maaga kaysa sa limang taon kung mayroon silang 40 work credits;
- Mga parolee (may pasubaling paglaya ng hindi bababa sa isang taon sa ilalim ng section 212(d)(5) ng INA);
- Mga pinapasok na may-pasubali sa ilalim ng 203(a)(7) ng INA na may bisa bago ang ika-1 ng Abril 1980;
- Pinagbu-bubugbog na asawa, binubugbog na anak o magulang o anak ng isang nabubugbog na tao na mayroong hindi pa napagpapasiyahang kahilingan sa ilalim ng 204(a)(1)(A) o (B) o kaya 244(a)(3) ng INA.

Karamihan sa nga taong may malakas na pangangatawan sa pagitan ng edad na 18 at 60 taong gulang ay dapat magparehistro para sa trabaho upang maging karapat-dapat para sa food stamps. Maraming tao ang maaring ka-kailanganing lumahok sa gawain o pagsasanay na programa. Ang ibang mga estudyante na nasa college ay may karapatan din.

## Yamang pag-a-ari (mga gamit na mayroon ka)

Karaniwan, ang iyong sambahayan ay hindi maaaring magkaroon ng pag-aaring yaman na may halagang mahigit pa sa $2,000. Ganuon pa man, kung kabilang sa iyong sambahayan ang isang taong may edad na 60 taong gulang o mas matanda pa rito o sino mang may kapansanan, ang takdang halaga ay $3,000. Ang mga pag-aaring yaman ng mga taong tumatanggap ng Supplemental Security Income (Karagdagang Kitang Pangseguridad) (SSI) o mga benepisyo sa ilalim ng programa ng Temporary Assistance for Needy Families (TANF) (Pansamantalang Tulong para sa mga Pamilyang Nangangailangan) ay hindi kabilang para sa layunin ng food stamps . Kabilang sa pag-aaring yaman ang pera, mga account sa bangko at iba pang ari-arian.

Hindi lahat ng mga gamit na pag-aari mo ay ibibilang. Halimbawa, ang iyong tahanan at ang lupang kinatatayuan nito ay hindi kabilang para sa karapatan mo sa food stamp. Ang kotse o truck ay binibilang ng kakaiba depende sa kung paano ito gamitin. Halos lahat ng state sa ngayon ay ginagamit ang patakaran ng TANF sa halip ng food stamp vehicle rule kung ang mga patakaran ng TANF ay mas makabubuti sa mga sambahayang may food stamp.

karamihan ng sambahayan ay dapat ding tumupad sa itinakdang kita. Ang ilang siguradong bagay ay hindi kabilang sa kita at maaari itong ibawas mula sa iyong kinikita. Ang iyong sambahayan ay maaaring karapat-dapat para sa itinanging kitang ito kung kabilang dito ang taong may edad na 60 taong gulang o mas matanda pa rito o may

(kabila)

kapansanan. Nag-iiba ang mga takdang kita depende sa laki ng sambahayan at maaari din itong magbago sa bawat taon.

## Paano ka maaaring mag-apply para sa food stamps?

Ang mga applications sa food stamp ay makukuha sa saan mang tanggapan ng Social Security. Kung ikaw at ang bawat tao sa iyong sambahayan ay **nag-a-apply** para makakuha ng mga kabayaran ng **SSI** o **tumatanggap** na nito, ikaw ay matutulungan sa saan mang tanggapan ng Social Security na mag-fill out ng application para sa food stamp at para sa iyo, ipadadala ito sa tanggapan ng food stamp.

At ang lahat ng iba pa, kabilang na dito ang mga taong **nag-a-apply** para sa **Social Security** o **tumatanggap na nito**, ay kailangang dalhin o ipadala ang kanilang mga application para sa food stamp sa lokal na tanggapan ng food stamp o sa saan mang tanggapan ng Social Security na kung saan may nagta-trabahong isang kinatawan ng food stamp.

Kapag ikaw ay kinapanayam, dapat mayroon ka ring:

- ID katulad ng lisensiya sa pagmamaneho, ID ng state, katunayan ng iyong kapanganakan o alien card;
- Katunayan ng kita tulad ng mga pay stub, Social Security, SSI, o pension para sa bawat miyembro ng iyong sambahayan;
- Katunayang halaga ng gastos mo para sa pagpa- paalaga ng bata;
- Mga resibo ng upa o katunayan ng iyong mga pagbabayad sa mortgage;
- Mga talaan ng iyong mga gastos sa utility; at
- Mga medikal na singil para duon sa mga miyembro ng iyong sambahayan na may edad na 60 taong gulang o mas matanda pa rito, at para sa mga taong tumatanggap na ng mga pagbabayad ng pamahalaan tulad ng Social Security o SSI dahil sila ay may kapansanan.

## Magkano ang makukuha mo?

Malalaman mo kung magkano ang dapat mong makuha sa pamamagitan ng online na nagmumula sa Food Stamp Pre-Screening Tool sa ***www.foodstamps-step1.usda.gov***.

## Pagkontak sa Social Security

Makipag-alam sa Social Security o sa lokal na tanggapan ng food stamp para sa karagdagang impormasyon tungkol sa Programa ng Food Stamp at sa mga karapatang patakaran. Pakatandaan na ang Social Security ay hindi nagpapasiya kung ikaw ay dapat tumanggap ng food stamps..

Para sa mga karagdagang impormasyon at upang matagpuan ang aming mga publikasyon, bumisita sa aming website sa ***www.socialsecurity.gov*** o tumawag ng libre sa **1-800-772-1213** (para sa mga bingi o may kahirapan sa pandinig, tawagan ang aming TTY na numero sa **1-800-325-0778**). Masasagot naming ang mga specific mong katanungan at makapag-bibigay kami ng impormasyon sa pamamagitan ng aming automated na serbisyo ng telepono 24 oras araw-araw.

**Kung kailangan mo ng interpreter** sa pag-aasikaso ng iyong Social Security, may nakalaan kaming serbisyo dito ng libre. Ang mga serbisyo ng interpreter ay makukuha kapag kinakausap kami sa telepono o sa tanggapan ng Social Security. Tumawag ng libre sa aming numero **1-800-772-1213**, kung ang salita mo ay Tagalog, pindutin ang 1 at maghintay hanggang sumagot ang isang kinatawan. Ang Tagalog interpreter ay tatawagin para matulungan ka sa iyong tawag. Kung hindi matapos ang business mo sa telepono, ikukuha ka namin ng appointment para sa lokal na tanggapan ng Social Security at aayusin namin na may Tagalog interpreter sa oras ng iyong pag-bisita.

Itinuturing naming lihim ang lahat ng mga tawag. Nais din naming siguraduhin na maka-tatanggap ka ng wasto at magalang na serbisyo. Ito ang dahilan kung bakit mayroon kaming pangalawang kinatawan ng Social Security na nagmo-monitor ng ilang mga tawag sa telepono.

# Mga Food Stamp

## Tulong, Impormasyon at Application Makukuha sa saan mang Tanggapan ng Social Security

Kumukuha ng o nag-a-apply pa **lamang** para sa Social Security?

MAKAKAKUHA KA NG APPLICATION PARA SA FOOD STAMP AT IMPORMASYON SA SAAN MANG TANGGAPAN NG SOCIAL SECURITY.

Hindi kami tatanggap ng mga application para sa food stamp mula sa mga taong kumukuha o nag-a-apply lamang para sa Social Security.

Kumukuha ng o nag-a-apply para sa Supplemental Security Income (SSI) (Karagdagang Kitang Pangseguridad)

MAAARI KANG MAG-APPLY PARA SA MGA FOOD STAMP SA SAAN MANG TANGGAPAN NG SOCIAL SECURITY KUNG IKAW AT LAHAT NG MGA TAONG IYONG KASAMBAHAY AY TUMATANGGAP NA O NAG-A-APPLY PA LANG PARA SA SSI.

Tutulungan ka naming mag-fill out ng application para sa food stamp. Hindi ka na kailangang magpunta pa sa tanggapan ng food stamp upang mag-apply.

w w w . s o c i a l s e c u r i t y . g o v

**Social Security Administration**
SSA Publication No. 05-10101-TL
Food Stamps Facts (Tagalog)
September 2004